Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-03 NG NOBYEMBRE, 2022 SA GANAP NA IKA–09:23 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------*Pangalawang Punumbayan /Tagapangulo* |
| KGG. MA. ROMA R. TABLICO | ----------- Kagawad |
| KGG. MODESTO B. ABADIER | ----------- Kagawad |
| KGG. MARK ANTHONY L. LAGROSA | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN DEMBER A. DELOS REYES | ----------- Kagawad |
| KGG. MGGL. JEROMME D. LACBAY | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |
| KGG. DONNIE L. DE VENECIA | ----------- Pangulo-SKF |

**KAPASIYAHAN BLG. 82 T. 2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGTATALAGA KAY KGG. MGGL. JEROMME D. LACBAY BILANG MIYEMBRO NG PEOPLE'S LAW ENFORCEMENT BOARD (PLEB) SA BAYAN NG LUMBAN**

**AKDA NI: KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO**

**SAPAGKAT**, ang People's Law Enforcement Board ay may kakayahan o kapangyarihan, magdisiplina o magsampa ng kasong administratibo laban sa mga pulis o alagad ng batas na gumagawa ng labag sa kanilang sinumpaang tungkulin;

**SAPAGKAT,** layunin ng Kgg. Sangguniang Bayan na matulungan ang mga mamamayan ng Lumban, higit ang mga mahihirap na walang kakayahan o kaalaman upang ipaglaban ang kanilang karapatan laban sa mga pulis o alagad ng batas na magiging abusado sa kanilang mga tungkulin o kapangyarihan;

**SAPAGKAT,** bilang Mananaggol malaki ang maiaambag ni Kgg. Mggl. Jeromme D. Lacbay sa paghawak ng mga usapin kung saan ay sangkot ang mga Pulis ng Bayan ng Lumban;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rose Ann R. Añonuevo na pinangalawahan ni Kgg. Mark Anthony L. Lagrosa at sinag-ayunan ng lahat ng Kagawad na nagsidalo, ay;

**IPINASIYA** tulad nang dito'y ginawang **PAGPAPASIYA** na ang pagtatalaga kay Kgg. Mggl. Jeromme D. Lacbay bilang miyembro ng People's Law Enforcement Board (PLEB) sa Bayan ng Lumban.

**IPINASIYA PA RIN,** na padalhan ng sipi ang mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-03 ng Nobyembre, 2022.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo :**

**BELEN B. RAGA**
*Tagapangulo/ Pangalawang Punumbayan*

**Pinagtibay :**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt110322res82*